

Ano ang mga Katangian ng Tamang Relihiyon?

Ang tamang relihiyon ay dapat naaayon sa likas na kalagayan ng tao na nangangailangan ng direktang ugnayan sa Tagapaglikha nang walang tagapamagitan, at nagpapakita ng mga kabutihan at magagandang asal ng tao.

Dapat itong maging iisang relihiyon, simple at madaling maunawaan, angkop sa lahat ng panahon at lugar.

Dapat itong maging matatag para sa lahat ng henerasyon, bansa, at uri ng tao, na may iba't ibang batas ayon sa pangangailangan ng tao sa bawat panahon, hindi tumatanggap ng dagdag o bawas ayon sa kagustuhan, tulad ng mga kaugalian at tradisyon na ginawa ng tao.

Dapat itong maglaman ng malinaw na paniniwala at hindi nangangailangan ng tagapamagitan, at hindi dapat ipilit ng damdamin kundi ng tamang ebidensya.

Dapat itong sumaklaw sa lahat ng aspeto ng buhay at lahat ng panahon at lugar, dapat itong maging angkop para sa mundo at sa kabilang buhay, itinatayo ang espiritu at hindi pinababayaan ang katawan.

Dapat itong protektahan ang buhay ng mga tao, pangalagaan ang kanilang dangal, ari-arian, at respeto sa kanilang mga karapatan at isipan.

Kung hindi sinusunod ang sistemang ito na kaayon ng likas na kalagayan ng tao, siya ay mabubuhay sa isang kalagayan ng kaguluhan at kawalan ng katiwasayan, nararamdaman ang sikip ng dibdib at isipan, bukod pa sa parusa sa kabilang buhay.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://mawthuq.net/demo/qa/tl/show/15/>

Arabic Source: <https://mawthuq.net/demo/qa/ar/show/15/>

Saturday 18th of January 2025 03:20:52 PM